

Ang bakuna laban sa trangkaso ay makukuha sa Alberta sa susunod na linggo

Oktubre 13, 2022 [Pagtatanong sa Media](#)

Simula sa Oktubre 17, ang mga Albertan na anim na buwang gulang at mas matanda ay maaaring makakuha ng kanilang bakuna laban sa trangkaso.

Ang mga Albertan na mahigit sa 65 taong gulang ay karapat-dapat na tumanggap ng bakuna sa trangkaso na may mataas na dosis, habang ang mga may edad na anim na buwan hanggang 64 na taon ay tatanggap ng regular na dosis. Parehong pinoprotektahan ang mga tao mula sa apat na karaniwang uri ng virus ng trangkaso (influenza).

Pagpapatala ng iyong tipanan sa pagbabakuna

Simula sa Oktubre 17, ang mga bakuna sa trangkaso ay makukuha sa mga kalahok na parmasya, sa ilang mga pangkomunidad na medikal na klinika at mga piling site ng AHS.

Magagamit ang mga pagpapatala sa pamamagitan ng Sistema ng Pagpapatala sa Bakuna ng Alberta (Alberta Vaccine Booking System) sa bookvaccine.alberta.ca o sa pamamagitan ng pagtawag sa Health Link sa 811.

Ang ilang mga parmasya ay malugod ring tatanggap ng mga walk-in. Kung ang iyong lokal na parmasya ay hindi nakalista sa sistema ng pagpapatala, direktang makipag-ugnayan sa kanila o bisitahin ang bluecross.ca upang makahanap ng parmasya na malapit sa iyo.

Saan magpapabakuna

Simula Oktubre 17, ang mga bakuna sa trangkaso ay iaalok nang walang bayad sa:

- Mga Albertan na limang taong gulang at mas matanda sa mga parmasya at ilang mga pangkomunidad na medikal na klinika.
- Mga Albertan na anim na buwang gulang at mas matanda sa ilang mga pangkomunidad na medikal na klinika.

Ang Mga Serbisyong Pangkalusugan ng Alberta (Alberta Health Services) ay mag-aalok ng mga bakuna sa pamamagitan ng mga pampublikong klinika ng kalusugan nito sa:

- Mga batang wala pang limang taong gulang at kanilang pamilya at mga miyembro ng sambahayan.
- Mga indibidwal na walang numero ng pangangalagang pangkalusugan ng lalawigan.
- Mga indibidwal na naninirahan sa isang komunidad kung saan walang iba pang nagbibigay ng pagbabakuna sa pangangalagang pangkalusugan.

Mabilis na mga Katotohanan

- Ang pamahalaan ng Alberta ay nag-utos ng 1.9 milyong dosis ng bakuna sa trangkaso upang makatulong na protektahan ang kalusugan ng mga Albertan.
- Pana-panahong mga numero ng trangkaso ng Alberta para sa 2021–22:
 - Mayroong 2,906 na mga kaso ng trangkaso na nakumpirma sa laboratoryo at 14 na pagkamatay na nauugnay sa trangkaso.
 - Ang panlalawigang antas ng pagbabakuna ay 27 porsiyento.
 - Humigit-kumulang 82 porsiyento ng mga residente sa pangmatagalang pangangalaga ay nabakunahan.
 - Humigit-kumulang 52 porsiyento ng mga batang may edad na anim na buwan hanggang 23 buwan ay nakatanggap ng hindi bababa sa isang dosis ng bakuna sa trangkaso.
 - Humigit-kumulang 65 porsiyento ng mga nakatatanda na 65 taong gulang at mas matanda ay nabakunahan.
 - Ang mga parmasyutiko ay may pananagutan sa pangangasiwa ng 75 porsiyento ng lahat ng pagbabakuna sa trangkaso.

Kaugnay na impormasyon

- [Magpa-book ng iyong pagbabakuna sa Alberta](#) (trangaso at COVID-19)
- [Tungkol sa trangaso](#)